

Mga Tip at Madalas Itanong para sa Mga Retail na Negosyong Nag-aalok ng Mga In-Store na Pamimili o Serbisyo sa Panahon ng COVID-19

Setyembre 1, 2020

AUDIENCE: Mga negosyong nag-aalok ng mga in-store na retail, serbisyo, pagpaparenta ng pang-outdoor na kagamitan sa panahon ng pandemiko ng COVID-19.

BACKGROUND: Noong Hunyo 15, 2020, pinahintulutan ng Direktiba 2020-17 ng Opisyal sa Kalusugan ang Mga In-Store na Retail at binigyan ng susunding gabay. Nirebisa ang dokumentong ito noong Hulyo 13, 2020, noong pinayagan ng Kautusan sa Kalusugan C19-07f ang mga reusable bag. Nirebisa ang dokumentong ito noong Hulyo 18, 2020, para ipakita ang pag-amyenda sa Kautusan sa Kalusugan C19-07f na pansamantalang magsasara sa mga Indoor Shopping Center para sa in-store na retail. Nirebisa ang dokumentong ito noong Setyembre 1, 2020, para ipakita ang pag-amyenda sa Kautusan sa Kalusugan C19-07f na muling magbubukas sa mga Indoor Shopping Center para sa in-store na retail.

LAYUNIN: Pinagtutuunan ng dokumentong ito ang mga pangunahing punto ng Direktiba, at ang mga hakbang na dapat mong gawin para ligtas mong muling mabuksan ang iyong negosyo alinsunod sa Direktiba.

Maghanda: Bago Muling Magbukas ang Iyong Negosyo

Gumawa ng Plano sa Kaligtasan at Kalusugan at ng Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa

Makikita ang template ng [Plano sa Kalusugan at Kaligtasan](#) sa Exhibit B ng Direktiba 2020-17, na naka-post sa www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp. Available dapat ito para sa lahat ng tauhan, at nakapaskil dapat ito sa entrance ng opisina. Kung may iba pang Direktibang nalalapat sa iyong negosyo, posibleng kailanganin mong kumumpleto ng mahigit sa isang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan.

Makikita ang template na [Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa](#) sa [Appendix A ng Utos sa Kalusugan na Manatili sa Bahay](#) na naka-post sa www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp.

Dapat makakuha ang mga kawani ng mga dokumentong ito, at ipaskil sa entrance ng negosyo. Ipinapaalala ng mga ito ang lahat ng pinakamahusay na kagawian na kailangang sundin ng iyong negosyo, kasama ang mga pangkalahatang kinakailangan gaya ng pag-aatas na magsuot ng takip sa mukha, maglagay ng [karatula](#), magpatupad ng anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao, at ang mga mas partikular na bagay gaya ng pagpapatupad ng mga patakaran para sa ligtas na pangangasiwa sa merchandise.

Bigyan ng Kaalaman at Sanayin ang Mga Tauhan

Dapat sanayin ang mga tauhan na ipatupad ang Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa at Kalusugan, at posibleng kailanganin nila ng pagsasanay sa paglilinis at pag-disinfect, [pag-screen ng mga customer para sa mga sintomas](#), at kung paano masusubaybayan ang bilang ng mga customer sa tindahan o pila. Pag-isipang sanayin ang mga tauhan tungkol sa pakikipag-usap sa mga customer na hindi sumusunod sa mga patakaran at magbigay ng mga mapagkukunan sa mga empleyado para matugunan ang mga pagkabagabag, stress, at kalusugan ng pag-iisip. Kilalanin ang pangambang bumalik sa trabaho, malinaw na makipag-ugnayan, makinig, at regular na magsagawa ng pagsusuri.

Magbigay ng impormasyon tungkol sa sick leave mula sa employer o sick leave na sino-sponsor ng



San Francisco Department of Public Health

pamahalaan at iba pang benepisyo na posibleng may karapatan ang empleyadong matanggap na mas magpapadali sa kanyang manatili sa bahay sa pinansyal na paraan (tingnan ang [Bayad na sick leave sa San Francisco](#)). Tandaang hindi puwedeng tanggalin sa trabaho ang mga empleyado dahil sa mga resulta ng COVID-19 o dahil kinakailangan nila ng panahon para magpagaling.

Suriin ang Iyong Espasyo Matapos ang Matagal na Hindi Paggamit

Tingnan kung may mga peste o harborage, at tiyaking magagamit pa rin ang lahat ng pag-iingat para sa pagkontrol ng peste. Magsagawa ng regular na pagmementina sa mga ventilation system pati sa mga air duct at vent. Kung matagal nagsara ang iyong negosyo, alisin ang naipong tubig sa mga plumbing line sa pamamagitan ng pagpapadaan ng tubig sa mga fixture. Makakakita ng detalyadong gabay sa: <https://www.sfwater.org/flushingguidance>.


Gumawa ng Mas Ligtas na Espasyo

Posibleng kailanganin mong baguhin ang aktwal na layout ng iyong negosyo para makatulong sa pagdistansya sa isa't isa ng mga customer at tauhan. Kasama sa mga modipikasyong puwedeng pag-isipan ang pagtatalaga ng mga hiwalay na entrance at exit, paggawa ng mga one-way na daan, pagdaragdag ng espasyo sa pagitan ng mga rack at shelf, at pagmamarka ng mga espasyo gamit ang tape o iba pang decal para maipahiwatig ang mga anim na talampakang distansya.

Pagbabalik sa Negosyo

Sundin ang lahat ng Pinakamahuhusay na Kagawian sa Exhibit A ng Direktiba 2020-17 na naka-post sa www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp. Para makatulong sa pagsunod, puwede mong hilingin sa mga customer na baguhin ang paraan ng pakikipag-ugnayan nila sa iyong negosyo at mga produkto. Maaaring kasama sa mga pagbabago ang:

- Lubos na paghikayat sa mga customer na iwasang hawakan ang merchandise kung hindi kinakailangan at na gumamit ng hand sanitizer bago hawakan ang merchandise o pagkapasok sa iyong negosyo.
- Gumawa ng mga paraan ng ligtas na paghawak at paglilinis ng ibinalik na merchandise.
- Ipagbawal ang pag-sample mismo ng mga item gaya ng mga pampaganda at pabango.
- Isaalang-alang na isara ang mga fitting room para sa mga customer kung hindi kayo makakapagpatupad ng pinakamahuhusay na kagawian gaya ng paglilinis ng damit bago ibalik para ibenta at madalas na paglilinis ng mga fitting room.
- Kung magdadala ang mga customer ng sarili nilang bag:
 - Tiyaking hindi direktang ilalagay ang mga bag sa mga conveyor belt, sa labas ng mga shopping cart, o anupamang surface kung saan pinagsisilbihan ang mga customer.
 - Tiyaking hindi madidikit ang mga reusable bag sa mga empleyado.
 - Tiyaking ang mga customer mismo ang maglalagay ng mga pinamili sa kanilang bag.
 - Tiyaking hindi hahayaan ang mga customer na ilagay sa bag ang mga pinamili kapag nag-checkout kung hindi sila makakapagpanatili ng pisikal na distansya.
 - Dalasan pa ang pag-disinfect sa mga bagging area at customer service area na madalas puntahan ng mga customer.



San Francisco Department of Public Health

Mga Banyo para sa Mga Customer

Pag-isipang isara ang banyo kung hindi ka makakasunod sa mga iniaatas sa sanitation ng Social Distancing at Protocol sa Kalusugan. Hinihikayat ang mga negosyo na subaybayan ang paggamit ng mga banyo sa pamamagitan ng paghingi ng susi para magamit o pagtatalaga ng magbabantay sa banyo.

Mga Retail na Tindahan sa isang Enclosed Indoor Shopping Center (BINAGO)

Ang mga retail na tindahan sa isang enclosed Indoor Shopping Center na walang direktang access sa katapat na sidewalk, kalye, paradahan, o eskinita, ay puwedeng magbukas sa publiko para sa in-store na retail sa ngayon, nang may 25% kapasidad, nang may pag-apruba ng planong isinumite sa Opisyal ng Kalusugan.

Pagsubaybay at Pagsasaayos

Pag-isipan, nang kahit isang beses lang sa isang linggo, ang pagganap ng iyong negosyo at mga tauhan, kung maayos bang nasusunod ang Plano sa Pagdistansya sa Isa't Isa at Kalusugan, at kung ano ang mga kinakailangang pagbabago para mapahusay ang iyong tugon sa pandemya ng COVID-19. Hanapin ang bagong gabay mula sa [Pagkontrol at Pag-iwas sa Nakakahawang Sakit ng SFDPH](#) o ang madalas i-update na page sa sf.gov na may [mga komprehensibong mapagkukunan para sa mga negosyo sa panahon ng pandemya ng COVID-19.](#)

Mga Madalas Itanong

Q: Anong mga negosyo ang pinapayagan nang magbukas ulit?

Ang lahat ng retail na establisamiyento bukod sa mga nasa loob at enclosed Shopping Center ay pinapayagan nang magbukas. Kasama sa mga naturang negosyo ang:

- Mga Bookstore
- Mga tindahan ng alahas
- Mga tindahan ng laruan
- Mga tindahan ng damit at sapatos
- Mga tindahan ng kasangkapan sa bahay
- Mga tindahan ng produktong pang-sports
- Mga tindahan ng bulaklak
- Mga tindahan ng second hand na gamit
- Iba pang retailer na nagbebenta ng mga produkto

Q: Anong mga negosyo ang hindi pa pinapayagang magbukas ulit?

Ang mga retail na tindahan sa loob ng mga Shopping Center na hindi kumuha ng pag-apruba mula sa Opisyal ng Kalusugan ay hindi maaaring magbukas. Hindi pinapayagan ang mga personal na serbisyo na muling magbukas sa ngayon; maging updated sa mga gabay na partikular sa industriya tungkol sa muling pagbubukas ng mga serbisyo. Kasama sa mga personal na serbisyo ang:

- Mga beauty salon
- Mga nail salon
- Massage practitioner
- Body art practitioner



San Francisco Department of Public Health

Q: Dapat bang magsuot ng gloves ang mga tauhan?

Hindi inirekomenda ang regular na paggamit ng gloves. Ipinapaliwanag ng Mg Sentro sa Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control, CDC) na sa pangkalahatan, naaangkop lang ang pagsusuot ng gloves kapag naglilinis o nag-aalaga ng isang taong may sakit (tingnan ang link: [Kailan dapat magsuot ng gloves](#)). Sa karamihan ng iba pang sitwasyon, hindi kinakailangang magsuot ng gloves at maaari pa rin itong patuloy na magpakalat ng mikrobyo. Ang pinakamabuti na paraan para maprotektahan ang iyong sarili ay ang regular na paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng 20 segundo, o paggamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alkohol.

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon

Lokal:

[Mag-download ng karatulang puwede mong i-print](#), o humiling ng [mga naka-print na poster](#)

Paano magpasuri para sa COVID-19 sa San Francisco <https://sf.gov/citytests>

Impormasyon mula sa [Tanggapan para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Paggawa ng San Francisco tungkol sa COVID-19](#), gaya ng mga kinakailangan ng employer, benepisyo ng empleyado, at mapagkukunan; [Iwasan ang diskriminasyon at paghihiganti sa panahon ng COVID-19](#).

[Bayad na sick leave sa San Francisco](#)

California:

[Plano patungo sa Pagbangon ng Estado ng California](#)

[Gabay para sa Mga Retailer](#) mula sa Estado ng California

[Impormasyon ng CAL OSHA tungkol sa pagprotekta ng mga manggagawa mula sa COVID-19](#)

Lokal:

CDC: Toolkit sa Muling Pagbubukas ng Negosyo: [Toolkit ng CDC sa Muling Pagbubukas ng Negosyo](#)

[Gabay ng CDC sa Pagbalik sa Trabaho](#)

Ibang Bansa:

[International Council of Shopping Centers \(ICSC\): Pinakamahuhusay na Kagawian sa Muling Pagbubukas sa Panahon ng COVID-19](#)